



Pag-ibig ng Santatlo

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Dt 4:32-34, 39-40)

³²SINABI ni Moises sa mga tao: “Isipin ninyo kung may naga-nap nang tulad nito, nasaksihan o nabalitaan man lamang, mula nang likhain ng Diyos ang daigdig. ³³Maliban sa inyo, sino pa ang nakarinig sa tinig ng Diyos mula sa haliging apoy, at nanatiling buhay? ³⁴Sinong diyos ang naglabas ng isang buong lahi mula sa isang bansa upang maging kanya sa pamamagitan ng pakikipagsubukan ng kapang-yarihan, ng kababalaghan, ng digmaan, at ng makapangyarihang mga gawa, tulad ng ginawa ng Panginoon sa Egipto?”

³⁹Dahil dito, dapat ninyong malaman na sa langit at sa lupa’y walang ibang diyos liban sa Panginoon. ⁴⁰Kaya nga, dapat ninyong sundin ang kanyang mga utos at tuntuning sinasabi ko sa inyo ngayon. Sa gayun, mapapanuto kayo at ang lahang susunod sa inyo; magtatagal kayo habang panahon sa lupaing ibinigay niya sa inyo.”

Tema: Ang Diyos na tinatawag nating Ama.



PAGPAPALIWANAG

- Tinutukoy sa bb 32-34 ang kadakilaan ng Diyos ng Israel.
- Ang Diyos ng Israel (YHWH) ay isang ulira’t dakilang Diyos. Walang makakapantay sa kanya.
- Apat na katanungan:
 - Mayroon bang anumang bagay na napakahusay?
 - Narinig na ba ito noon?
 - Narinig na ba ito ng mga tao noon?
 - Nakagawa ba ang Diyos ng anumang pagsusumikap?
- Ang Diyos ay Diyos na gumagawa ng kamangha-manghang mga bagay.
- Sa bb. 39-40, pinapapahayag kung gaano ka dakila ang Diyos.
- Sundin ang kanyang utos at kahilingan.
- Nilalahad sa b. 40 ang mga bunga ng pagsunod sa kanyang utos:
 - pagpapala at kaunlaran,
 - mahabang buhay.

PAGNINILAY

- Kung ang pagbasang ito ay maririnig ng mga Muslim, siguradong sila ay magagalak na sisigaw ng, “*Allahu Akhbar!*” (Dakila ang Panginoon. Si Allah ay dakila!)
- Pinapaalalahanan ni Moises ang mga Israelita ukol sa Diyos na siyang nagpalaya sa kanila sa pagkakaalipin nila sa Ehipto. Pinalaya sila ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang nakakamanghang gawa: pinalaya sila sa digmaan at sila ay tinulungan ng kanyang mahabagin at makapangyarihang kamay.
- Ang Diyos ng Israel ay nagparamdam sa kanila. Ito man ay nakakamangha o nakakapangilabot.
- Ang paghirang sa mga Israelita bilang piniling lahi ay isang karangalan ngunit may nakakabit na malaking responsibilidad na inaasahan na kanilang tutuparin.
- Dapat sundin ng bawat Israelita, kasama na ang mga bata ang mga kautusan ng Diyos. Tandaan at tupdin ang 10 utos. Kung may kaalaman kayo sa alintuntunin ng mga Judio, sila ay may 613 na kautusan (*mitzvot*) sa Torah.
- Ang pagpili sa mga Israelita ay hindi lang isang karangalan. Ito ay may kaakibat na misyon: ang taospusong pagsunod sa Diyos.

SALMONG TUGUNAN (Slm 32)

MAPALAD ANG IBINUKOD NA BANSANG HINIRANG NG DIYOS.

IKALAWANG PAGBASA (Rom 8:14-17)

¹⁴MGA KAPATID, ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos.

¹⁵Sapagkat hindi kayo tumanggap ng espiritu ng pagkaalipin upang muling matakot. Ang tinanggap ninyo ay espiritu ng pagiging anak, at ito ang nagbibigay sa atin ng karapatang tumawag ng “Ama! Ama ko!” ¹⁶Ang Espiritu

nga ang nagpapatotoo, kasama ng ating espiritu, na tayo’y mga anak ng Diyos. ¹⁷At yamang mga anak, tayo’y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Kristo. Sapagkat kung tayo’y nakikipagtiis sa kanya, tayo’y dadakilain ding kasama niya.

Tema: Ang Espiritu Santo

PAGPAPALIWANAG

- Ang tatlong aksyon ng Espiritu Santo:
- Ang mga ginagabayan ng Espiritu ay mga anak ng Diyos.
- Ang Banal na Espiritu ay isang diwa ng pag-aampon na humhirang sa atin na mga anak ng Diyos at tayo’y tumatawag: Abba!
- Nagpapatotoo ang Banal na Espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.
- Bilang mga anak ng Diyos tayo ay:
 - Nagiging tagapagpamana ng kaharian kasama si Kristo.
 - Sa isang kondisyon: samahan natin siya sa kanyang pagpapakasakit.

PAGNINILAY

- Utang na loob natin sa banal na Espiritu ang paghirang sa atin bilang mga anak ng Diyos.
- Nakababanggit tayo ng *Abba*, dahil sa Espiritu.
- Bilang mga anak ng Diyos, tayo ay nagiging tagapagmana ng kaharian – langit.
- Isang kondisyon: araw- araw natin papasanin ang ating krus, kasama si Kristo.
- Dahil ang mga pagsubok ay bahagi ng ating buhay Kristiyano.

MABUTING BALITA (Jn 15:1-8)

Ang Labing Isang Apostoles

¹⁶NOONG panahong iyon, ang labing-isang alagad ay nagpunta sa Galilea, sa bundok na itinuro sa kanila ni Jesus. ¹⁷Nang makita nila si Hesus, siya’y sinamba nila, bagamat may

ilang nag-alinlangan.

Ang Utos ni Hesus

¹⁸Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, “Tbinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa.

¹⁹Binyagan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo.

Ang Presensya ni Hesus

²⁰Tandaan ninyo: ako’y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan.”

Tema: Ang Banal na Santatlo (Diyos Ama, Diyos Anak, at Espiritu Santo)

PAGPAPALIWANAG

- Ang labing-isang apostoles ay nagtungo sa Galilea (lugar kung saan naganap ang kanyang pag-akyat sa langit, ito ay ayon kay Mateo. Ayon naman kay San Lucas, sa Betania ito nangyari [b. 16]).
- Iba’t iba ang naging reaksiyon ng mga apostoles sa muling nabuhay na Hesus (b.17).
- Sila ay binigyan ng dakilang misyon: ang gawing alagad ang mga bansa at turuan silang sumunod sa utos ng pag-ibig ni Hesus. (bb. 18-20).
- Ang mga apostoles ay magbibinyag sa ngalan ng Banal na Santatlo (Sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo).
- Pinapangako ni Hesus sa kanila na hindi sila pababayaan (b.20b).

PAGNINILAY

- Sa unang bahagi ng Mabuting Balita, may pagbibinyag sa tubig, tapos may pagbibinyag ng Espiritu Santo. Narinig natin ngayon, ang pagbibinyag sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo.



- Kinukumpleto nito ang imahen ng Panginoon bilang isang Ama sa lahat.
- Sa rito ng pagbibinyag, ating nadarama at natatagpuan ang imahen ng Banal na Santatlo.
- Sa pagbibinyag, tayo ay nagiging anak ng Diyos at tinawag sa paglilingkod.
- Sa paghayo ng mga apostoles, bawat isa sa kanila ay naging dakilang mga guro ng Mabuting Balita ni Kristo sa mundo. Nilakbay nila ang iba’t ibang sulok para sa misyong inatas sa kanila ng kanilang Panginoon.
- Bilang isang tanda ng katapatan ng pagkakaibigan, si Hesus ay nangako sa kanila na hindi niya sila iiwanan. Kay Kristo, wala silang dapat ikatakot.

II. PAG-UUGNAY

1. Ang Unang Pagbasa ay nagpapahayag ng kwento at pangako ng Diyos Ama.
2. Sinasalaysay sa Pangalawang Pagbasa ang mga gawa ng Banal na Espiritu.
3. Sa Ebanghelyo narinig natin ang Santatlo.

II. SALAMIN NG BUHAY

1. Bakit tayo nagtatanda ng krus kung tayo’y napapadaan sa simbahan o kung tayo ay nasa biyahe?
2. Dumadami ba ang miyembro ng Catholic Charismatic Movement?
3. Bakit natin ipinagdidiwang ang Araw ng Kalayaan? Ano ang kahalagahan nito?
4. Ating ipagdasal at bigyang pugay ang mga dakilang guro. Mahirap man, nilalakbay nila ang bundok, dagat’ ilog para makapagbahagi ng kaalaman. (HM)



MGA BAGONG LIBRO SA ST PAULS

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

STPAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa 'yo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa ami'ng sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamat dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagninilaynilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, Maawa Ka sa amin.
Luwalhati...

(mula sa Prayers of the Pauline Family)